HALAW SA KATITIKAN NG IKA-113 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-20225) NG CAVINTI, LAGUNA , NA GINANAP NOONG IKA-20 NG ENERO, 2025, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO : KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANGALAWANG PUNUMBAYAN.

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC President;and
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
(*Sick Leave*)

## RESOLUTION NO. 544 - 2025

**ISANG KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI NA NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA KAY G. JOSE MARI L. ESGUERRA BILANG OPISYAL NA NOMINADO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA NA NAGWAGI BILANG ISA SA SAMPUNG NAMUMUKOD-TANGING KABATAAN PARA SA KATEGORYANG KABATAANG PROPESYONAL SA NAKARAANG GAWAD FELICISIMO T. SAN LUIZ NA GINANAP NOONG IKA-15 NG DISYEMBRE TAONG 2024 SA SENTRONG PANG-KULTURA NG LAGUNA, STA. CRUZ, LAGUNA.**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committees on Rules and Privileges ; Ordinances and Legal Matters and Education*

**Co-Sponsors:**

Hon. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Hon. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Hon. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Hon. Elma P. Flores, SB Member
Hon. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Hon. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Hon. Manuel A. Dela Roca, ABC President; and
Hon. Limron O. Sanchez, SKF President

**SAPAGKAT**, ang ***Gawad Laguna Inc***. na dating Gawad Felicisimo San Luiz Foundation ay isang pribadong samahang nangunguna sa pagkilala, paglinang, at pagbubuklod ng mga natatanging Kabataan ng Laguna na may pagmamahal sa kapwa, tapat na paglilingkod sa bayan at pananalig sa Poong May Kapal;

ARNANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE MEJILLA
DATE: 02-07-25

**SAPAGKAT,** ang ***Gawad Laguna Inc***. ay nagsasagawa ng taunang patimpalak na nagsimula pa noong taong 1993 para sa pagpili ng namumukod-tanging Kabataan ng Laguna mula sa iba't ibang antas o kategorya tulad ng Kabataan sa Mataas na Paaralan, Kabataan na wala sa Paaralan, Kabataang sa Kolehiyo at Kabataang Propesyonal;

**SAPAGKAT,** ang patimpalak ng ***Gawad Laguna Inc***., ay nasa ika-31 taon na ng pagkilala sa mga namumukod-tanging Kabataan ng Laguna kung saan sa nakaraang Araw ng Parangal na ginanap sa Sentrong Pangkultura ng Laguna sa Bayan ng Sta. Cruz ay nagwagi at kinilala si **G. Jose Mari L. Esguerra** bilang isa Sampung Namumukod-Tanging Kabataan ng Laguna sa Kategoryang Kabataang Propesyonal;

**SAPAGKAT,** ang nasabing patimpalak ay dumaan ang mga opisyal na nominado sa anim na buwang proseso na nagsimula noong Hunyo 2024 at nagtapos ng Disyembre 15, 2024 na kinatampukan ng mga mahahalagang aktibidad at Gawain upang higit na na mahubog ang kanilang ugali at hustong mapayabong ang kakayahan bilang mga lider-kabataan ng Lalawigan ng Laguna;

**SAPAGKAT,** si **G. Jose Mari L. Esguerra** sa kanyang pagkakawagi ay nag-uwi din ng Karangalan para sa kaniyang Pamilya at Bayan ng Cavinti bilang isa ring Manggagamot o Doktor, at mahusay na Lider-kabataan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang Malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, Tagapangulo ng Komite ng Edukasyon na pinangalawahan ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan na dumalo, na

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Kgg. Sangguniang Bayan na ipahayag ang pagkilala at pagpapahalaga kay G. **JOSE MARI L. ESGUERRA** BILANG OPISYAL NA NOMINADO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA NA NAGWAGI BILANG ISA SA SAMPUNG NAMUMUKOD-TANGING KABATAAN PARA SA KATEGORYANG KABATAANG PROPESUNAL SA NAKARAANG GAWAD FELICISIMO T. SAN LUIZ NA GINANAP NOONG IKA-15 NG DISYEMBRE TAONG 2024 SA SENTRONG PANG-KULTURA NG LAGUNA, STA. CRUZ, LAGUNA.

**IPINASIYA PA RIN,** na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Pamilya ni **G. JOSE MARI L. LUBUGUIN** gayundin ang isang Plake ng Pagkilala at sa kanyang mga kinaanibang mga Grupo, Asosasyon at/o Pederasyon.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-113 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan (2022-2024) Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-20 ng Enero, 2025.

**NITZSHELL TORRES – DELA TORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**ARNAN LEE R. ARROYO**
Municipal Mayor

**MILBERT L. OLIVEROS**
Vice-Mayor

**NITZSHELL TORRES-DELA TORRE**
Secretary to the Sangguniang Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN AT NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PINUMBAYAN**